OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By:
Date: 10/11/21 Time: 1:30

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-88

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG BLG. 03-2021 NG BARANGAY POBLACION BUSTOS, BULACAN, NA NAUUKOL SA PAGGAMIT NG MGA ESTABLISYEMENTO NA MAY PANINDANG PAGKAIN NG MGA DISPOSABLE NA GAMIT KASANGKAPAN TULAD NG TINIDOR, KUTSARA, BASO AT PLATO UPANG IPAGAMIT SA KANILANG MGA KLIYENTE SA PANAHON NG PANDEMYA."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Jonalyn S. Ortega-Santos**
Tagapangulo
Lupon sa Kalusugan, Populasyon at Nutrisyon

---

**SAPAGKA'T**, naghain ng kahilingan ang Punong Barangay ng Poblacion na nauukol sa paggamit ng mga disposable na gamit kasangkapan pangkain;

**SAPAGKA'T**, sa panahon na ito ng pandemya kinakailangan ng lahat na maging maingat lalo't higit sa kanilang ginagamit na kasangkapan pangkain;

**SAPAGKA'T**, ang kautusang ito ng Barangay Poblacion ay para masiguro na ang mga gamit na kasangkapan pangkain ng mamamayan Bustosenyo ay ligtas gamitin;

**SAPAGKA'T**, sa masusing pag-aaral ng Lupon ng Kalusugan, Populasyon at Nutrisyon ay napatunayang mapipigilan ang paglaganap at maiiwas ang mga mamamayang Bustosenyo sa sakit na Covid-19.

**KUNG KAYA'T**, sa mungkahi ni **IGG. JONALYN S. ORTEGA-SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusang Blg. 03-2021 ng Barangay Poblacion Bustos, Bulacan, na nauukol sa paggamit ng mga establisyemento na may panindang pagkain ng mga disposable na gamit kasangkapan tulad

ng tinidor, kutsara, baso at plato upang ipagamit sa kanilang mga kliyente.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-28 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ Angeles**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-28 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim